Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-19 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 238-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKALAGDA AT MAKAPASOK SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG PHILIPPINE RED CROSS (PRC) AT PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAANG LIBONG PISO (P100,000.00) UPANG MAGAMIT BILANG 'BLOOD INDIGENCY FUND'.**

**PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
**KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C.MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang paghahandog ng de kalidad na serbisyo medikal at panlipunang paglilingkod sa mga mamamayan nito sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga polisiya, programa at proyekto para dito, upang maisulong ang mabuti at mapanagutang pamamahala;

**SAPAGKAT,** lumiham ang Punong Lungsod na humihiling na mabigyan ng kapangyarihan na makapasok at makalagda sa isang kasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Philippine Red Cross (PRC) para sa pagkakaloob 'Blood Indigency Fund";

**SAPAGKAT,** malaking tulong ito upang magamit sa paghahandog ng maayos, mabilis at de kalidad na serbisyo medikal sa mga mamamayan ng Lungsod;

Sa kahilingan ni **Kgg. Francisco J. Castro** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ditoý ginagawang pagpapasiya na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na makalagda at makapasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod Ng Malolos at ng Philippine Red Cross (PRC) at paglalaan ng halagang Isang Daang Libong Piso (P100,000.00) upang magamit bilang 'Blood Indigency Fund'.

**IPINASIYA PA DIN,** na hinihiling sa mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, na makapaglaan ng karagdagang pondo para sa taong 2021 at sa mga susunod pang taon upang maging tuluy-tuloy ang programa sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod at ng Philippine Red Cross'.

**PINAGTIBAY.**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10192020